American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-12, pp-57-71
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# "Mga Hamong Nararanasan ng Mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay sa Wikang Ingles"

Jeffrey E. Belotendos[1], Michelle A. Denco[2], Banni Gin C. Hasan[3], Jennirose G. Orsal[4]

[1](Bachelor of Secondary Education-Major in Filipino, Western Mindanao State University, Philippines Graduate School, College of Teacher Education, Western Mindanao State University)

***ABSTRACT:*** *This study aimed to identify the challenges experienced by students in writing essays in the English language based on four categories: content, organization, mechanics, and writing strategy. The researchers utilized a descriptive survey design under a quantitative research method, involving 90 students from the College of Teacher Education at the Western Mindanao State University. Data were collected using a Likert-scale questionnaire and analyzed through the Kruskal-Wallis Test to determine the differences in challenges experienced based on the students' first language and socioeconomic status. Findings revealed that students did not experience significant challenges in writing essays in English across all categories. The overall mean scores for content (2.042), organization (2.262), mechanics (2.238), and writing strategy (2.32) indicate that these areas were not considered challenging.by the students. Moreover, the study found no significant difference in challenges based on the students' first language, but there was a significant difference when grouped according to their socioeconomic status. The results suggest that a student's socioeconomic background may influence their experience and performance in essay writing. The study recommends the continuous enhancement of English language programs and teaching strategies to further develop students' writing skills regardless of their socioeconomic status or linguistic background.*

***Keywords*** *- Essay writing, English language, First language, Socioeconomic status, Writing challenges*

***ABSTRAK:*** *Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles batay sa apat na kategorya: nilalaman, organisasyon, mekaniks, at estratehiya sa pagsulat. Gumamit ang mga mananaliksik ng descriptive survey design sa ilalim ng kuwantitatibong pamamaraan ng pananaliksik, kung saan 90 mag-aaralmula sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro ng Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao ang naging kalahok. Ang mga datos ay nakalap gamit ang talatanungang may limang puntong Likert scale, at sinuri sa pamamagitan ng Kruskal-Wallis Test upang matukoy ang pagkakaiba ng mga hamon batay sa unang wika at antas ng pamumuhay. Ipinakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay hindi nakararanas ng matinding hamon sa pagsusulat ng sanaysay sa wikang Ingles sa lahat ng kategorya. Ang kabuuang mean scores sa nilalaman (2.042), organisasyon (2.262), mekaniks (2.238), at estratehiya sa pagsulat (2.32) ay nagpakitang hindi naging hamon ang mga aspetong ito. Natukoy din na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamong nararanasan batay sa unang wika, ngunit may makabuluhang pagkakaiba batay sa antas ng pamumuhay ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig ng resulta na ang antas ng pamumuhay ay maaaring makaapekto sa karanasan ng mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Ingles. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagpapatuloy ng mga programang pangwika at mga estratehiyang panturo upang higit pang mapaunlad ang kasanayan sa pagsusulat sa Ingles ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang pinagmulan.*

***Mga Susing Salita*** *- Antas ng pamumuhay, Hamon sa pagsulat, Sanaysay, Unang wika, Wikang Ingles*

## I. INTRODUKSYON

Wika ay ang pangunahing kasangkapan sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan ng mga tao. Ito ay isang mahalagang instrumento sa pagpapahayag ng mga opinyon, damdamin, at kaisipan ng isang indibidwal. Sa pamamagitan ng wika, nagiging posible ang mas malinaw na pag-unawa at pagpapahayag ng mensahe. Sa kabila ng pagkakaroon ng iba't ibang relihiyon, pinagmulan, kultura, at etnisidad, ang wika ay nagsisilbing tulay upang magkaunawaan ang mga tao, na nagpapalakas sa ugnayan at kooperasyon sa loob ng isang lipunan.

Ang wikang Ingles ay itinuturing na lingua franca at ang pinakalaganap na wika sa buong mundo (Yen at Mohamad, 2020). Sa Pilipinas, ang Ingles ay itinuturo bilang isang pangunahing asignatura sa mga paaralang elementarya at sekondarya, at ginagamit din sa mga paaralan at iba pang pormal na institusyon. Ayon sa

Artikulo 19 Seksyon 6 ng Konstitusyon ng Pilipinas (1987), ang Filipino at Ingles ay ang mga opisyal na wika ng bansa. Ang malawakang paggamit ng wikang Ingles ay ipinatutupad sa maraming paaralan sa Pilipinas. Sa nakaraang pagpapatupad ng K to 12, bagama't isinusulong ang paggamit ng Mother Tongue sa mga mag-aaral sa elementarya, natuklasan pa rin ang malawakang paggamit ng mga mag-aaral ng wikang Ingles sapagkat nakita nila ang kahalagahan ng paggamit nito (Saavedra & Karanain, 2022).

Ang paggamit ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo ay naging laganap sa mga institusyong pang-edukasyon sa buong mundo, kabilang na ang mga paaralan at unibersidad na gumagamit ng Ingles bilang wika ng pagtuturo. Ayon kay Rahman, Fatima (2024), ang pagtanggap sa Ingles bilang midyum ng pagtuturo ay nagiging popular dahil sa global na pangangailangan para sa kahusayan sa Ingles. Ang pagsasama ng wika at kaalaman sa paksa sa pamamagitan ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo (EMI) ay naghahanda sa mga mag-aaral para sa tagumpay sa akademya at nagbibigay sa kanila ng mga kasanayan sa wika at kognisyon, ayon kay Asshofiah (2025). Maging sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas, naitala din ang paggamit ng wikang Ingles sa loob ng silid-aralan lalo sa mag-aaral na nasa Specialized Program. Ito ang pangunahing wikang ginagamit sa mga asignaturang pang-sensya at Matematika (Sandal, Saavedra, Madrazo & Ramos, 2022).

Nabanggit sa Pag-aaral na *"The Challenges of Learning English as a Foreign Language among Undergraduate Students"* ay nagsasaad na upang maging mahusay na tagapagsalita, kinakailangang dalubhasain ang mga kasanayan sa pagsasalita, pagsusulat, pakikinig, at pagbasa ng isang banyagang wika (Sari, 2019). Ito ay tumutukoy sa proseso ng pagkatuto ng Ingles na kinabibilangan ng pakikinig at pagbabasa bilang mga *receptive skills*, at pagsusulat at pagsasalita bilang mga *productive skills* (Susanto A. et al., 2020). Ayon sa mga pag-aaral, kabilang na ang mga nakatuon sa kasanayang pangwika, ang pagiging mahusay sa wika ay nakasalalay sa kakayahan sa pakikinig (45%), pagsasalita (30%), pagbabasa (15%), at pagsusulat (10%) habang nakikipagkomunikasyon. Sa proseso ng pagkatuto ng Ingles, tiyak na may mga hadlang na nararanasan ang isang mag-aaral. Ang mga hadlang na ito ay maaaring magdulot ng hindi optimal na mga resulta. Maaaring mangyari ito sa sinuman, kahit na hindi sila nag-aaral ng programang Ingles (Susanto A. et al., 2020).

Ang pagsusulat ay isang kakayahang lingguwistiko na nangangailangan ng isang prosesong kognitibo upang maipahayag ang mga iniisip at nararamdaman sa isang nakasulat na anyo. Ang akto ng pagsusulat ay kinapapalooban ng pagpapahayag ng mga ideya, opinyon, saloobin, o emosyon at hindi dapat ituring bilang isang likas na talento, dahil ito ay isang kasanayan na maaaring mapaunlad sa pamamagitan ng pagsasanay (Setiawan at Dody, 2021). Upang makabuo ng isang maayos na akdang pampanitikan, kailangang isaalang-alang ng mga manunulat ang iba't ibang sangkap, kabilang na ang malinaw na layunin, epektibong estruktura, angkop na pagpili ng mga salita, mahusay na paggamit ng wika, at magkakaugnay na mga ideya (Hyland at Jiang, 2017). Ang pagsusulat ay hindi lamang tumutukoy sa pagbuo ng mga ideya na isusulat kundi pati na rin sa maingat na pagsasaayos ng iba't ibang aspekto ng pagsusulat (Altunkaya at Ayranci, 2020).

Ang kahalagahan ng wikang Ingles sa pagsulat ng sanaysay ay nag-ambag na sa pagkatuto ng paggamit ng mga salita upang maipahayag ang damdamin, kaisipan, at ideya, kasabay ng pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagsulat. Sinabi nina Pablo at Lasaten (2018) na ang sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas ay nagbibigay ng malaking diin sa pagsulat dahil ang pagtuturo at pag-aaral ng Ingles bilang Ikalawang Wika (ESL) ay sumusuporta sa layunin ng pagpapalakas ng mga kasanayan sa Ingles ng mga Pilipinong mag-aaral. Sumasang-ayon ang mga eksperto na ang pagsulat ay isa sa pinakamataas na anyo ng mga akademikong kasanayan dahil kinakatawan nito ang antas ng kasanayan sa wika, paglikha ng ideya, at *abstraction* na taglay ng isang indibidwal. Gayunpaman, ang pagsulat ay higit sa lahat isang kumplikadong proseso, sapagkat nagsasangkot ito ng kombinasyon ng mga kasanayan. Natuklasan nina Pablo at Lasaten (2018) na ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng mga paghihirap sa pagsulat ng sanaysay, partikular na sa nilalaman, organisasyon, pagpili ng mga salita, at pagbuo ng mga pangungusap.

Sa pag-aaral na *"Difficulties in Writing Essays Among Grade 12 Learners"*, batay sa naging resulta ng pananaliksik na ito, nakabuo ang pananaliksik ng isang konklusyon na ang mga hamon sa pagsusulat ng mga sanaysay ay makikita sa sumusunod na mga bahagi na kinabibilangan ng *content*, *organization*, *mechanics* at *writing strategy*. Ang mga hamong ito ay nagdulot sa mga mag-aaral na hindi nila pagiging mahusay sa pagsulat ng sanaysay, pag-organisa ng paksa, pagsunod sa mekaniks at ang maling paggamit ng mga termino at parirala. Ang apat na hamon na nabanggit ay may malaking epekto sa pagsulat ng sanaysay, lalo na sa wikang Ingles. Ang resultang ito ay pinatotohanan sa pag-aaral ni Saavedra kung saan natukoy na ang mga mag-aaral sa elementarya ay may mababang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay lalo na sa mekaniks at gramatika, kaya iminungkahi sa kanyang pag-aaral ang paggamit ng mga estratehiyang gumagamit ng teknolohiya upang malinang ang mababang kasanayang ito (Saavedra, 2020).

Dahil ang pagsulat ng sanaysay ay isa sa mga hamon sa pag-aaral ng wikang Ingles, nagpasya ang mga mananaliksik na magbigay tuon sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Ang mga mananaliksik ay naglalayong alamin kung alin sa mga hamong nabanggit ang madalas na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, magbibigay ang mga mananaliksik ng makabuluhang kontribusyon sa pagpapalawak ng kaalaman ukol sa nasabing pag-aaral. Samakatuwid, ang

pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng mga rekomendasyon na makatutulong sa paglutas ng mga hamon sa pagsulat ng sanaysay.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay alamin ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles. Nilalayon nitong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles batay sa sumusunod na mga kategorya:
    a. Nilalaman;
    b. Organisasyon;
    c. Mekaniks; at
    d. Estratehiya sa Pagsulat?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles batay sa unang wika at antas ng pamumuhay?

## III. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

### 3.1 Kasanayan sa Wikang Ingles

Ang wika ay isang sistema ng mga simbolo at palatandaan na ginagamit upang maghatid ng mga ideya at damdamin, mag-*encode* at mag-*decode* ng mga impormasyon, at magbigay-daan sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao.

Ang Pilipinas ay itinuturing bilang isa sa mga pinakamalalaking bansang nagsasalita ng Ingles (Cabigon, 2015). Ayon kay Bautista (2015), pagkatapos ng Digmaang Pilipino-Amerikano, ipinakilala ng administrasyong Amerikano ang Ingles bilang pangunahing wika sa pamahalaan, negosyo, at edukasyon. Ang hakbang na ito ay nagbigay daan sa pagiging isang malaking sentro ng paggamit ng Ingles ang Pilipinas sa Asya, kung saan naging mahalaga ito sa pagpapalawak ng mga oportunidad sa edukasyon at kalakalan. Isa ito sa kasanayan ng mga gurong tinaya sa pag-aaral ni Saavedra (2016) kung saan napansin ding maging ang mga guro ay nagsisikap pang mas lalong malinang ang kanilang kahusayan sa pagsasalita ng Ingles.

Ang paggamit ng wikang Ingles ay hindi lamang bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino, kundi nagsisilbi rin itong simbolo ng antas. Ito ay itinuturing pa ring sukatan ng katalinuhan at maging ng katayuang panlipunan. Bukod pa rito, kilala ang Pilipinas sa mataas na kakayahan sa paggamit ng Ingles. Bilang karagdagan, ayon kay Gonzalez (2020), habang ang kasanayan sa Ingles ay karaniwang tinitingnan bilang isang paraan upang makamit ang sosyal na pag-angat, maaari rin itong magdulot ng mga paghihirap sa mga mag-aaral na nakakaramdam ng pagkakahiwalay mula sa kanilang sariling kultura. Ang klasipikasyon ng Ingles bilang parehong isang kapangyarihan at isang salik ng paghahati ay partikular na makikita sa mga Pilipino.

Sa pag-aaral nina Leander at Fabella (2020) tungkol sa paglahok ng mga magulang at akademikong pagganap ng mga mag-aaral ng Grade 7 sa Marikina High School ay nagpapakita na ang paglahok ng mga magulang ay mahalaga upang makamit ang magandang akademikong pagganap ng mga mag-aaral, lalo na sa mga mag-aaral na may hindi kasiya-siyang grado. Ipinakita rin sa pag-aaral ni Fontanilla na "*English Language Learning Motivation and Self-identity Changes of Filipino English majors in Philippine Universities*" (2016) na ang pamilya, partikular ang mga magulang, ay nagsisilbing pangunahing salik ng pagganyak para sa mga mag-aaral na natututo ng wikang Ingles.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Lasaten et al., (2016) na naglalayong tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa wikang Ingles at ang akademikong pagganap sa Agham, Matematika, at Ingles ng 216 na mag-aaral sa ika-8 na baitang ng Philippine Science High School sa Northern Luzon – Ilocos Region Campus, Cordillera Autonomous Region, at Cagayan Valley Campus. Ipinakita ng mga resulta na ang karamihan sa mga mag-aaral ng ika-8 na baitang ng Philippine Science High School sa Northern Luzon ay may kasanayan sa wikang Ingles na kabilang sa "satisfactory" na antas. Gayundin, ang karamihan ng mga mag-aaral ay may akademikong pagganap sa Agham at Matematika na kabilang sa "very good" na antas at "good" na antas naman sa Ingles. Dagdag pa rito, ipinakita ng mga resulta na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Ingles at ang kanilang akademikong pagganap sa bawat isa sa mga asignatura.

Ang kasanayan sa wikang Ingles ay hindi lamang isang kasanayan sa komunikasyon kundi isang mahalagang aspekto ng personal at propesyonal na pag-unlad. Habang patuloy na umuunlad ang globalisasyon, ang mataas na antas ng kasanayan sa Ingles ay nagiging susi sa mga oportunidad sa edukasyon, trabaho, at pakikisalamuha sa iba't ibang kultura.

### 3.2 Kahinaan ng mga Pilipino sa Wikang Ingles

Sa kabila ng malawakang paggamit ng Ingles sa buong mundo, patuloy na nagpapakita ng mga paghihirap ang pag-aaral ng wikang ito, lalo na para sa mga indibidwal na ang Ingles ay pangalawa o banyagang wika. Ang iba't ibang *accent*, diyalekto, at *slang* ay nagdudulot ng mga pagkakumplikado sa proseso ng pagkatuto. Kahit ang mga katutubong nagsasalita ay nakararanas ng pagkalito dahil sa maraming eksepsiyon sa mga patakaran ng Ingles. Ang pagkakaiba sa pagitan ng pormal at impormal na paggamit ng Ingles, pati na rin

ang pagkakaiba ng nakasulat at pasalitang Ingles, ay nagpapalala sa mga hamon sa pag-aaral, na nagreresulta sa mga kamalian tulad ng *phonetic spelling* at hindi angkop na paggamit ng *slang* sa mga pormal na *setting* (Mary Nerissa et al., 2023).

Isinaad sa pag-aaral na isinagawa sa Negros Occidental nina Jenilyn P. at Jenilyn D. (2024) na ang mga mag-aaral ay maaaring maharap sa iba't ibang kahirapan sa pag-aaral, kabilang ang mga hamon sa pang-unawa, kakulangan sa atensyon, mga hadlang sa wika, at mga kapansanan sa pag-aaral. Mahalaga ang agarang pagtugon sa mga ito. Malaki ang papel ng *Department of Education (DepEd*), iba't ibang stakeholders, at mga guro sa pagtugon sa mga hamon na ito. Iminumungkahi ng pag-aaral na bigyang-pansin ang mga kahirapan sa pagbabasa, pagsusulat, at nyumerasi upang mabigyan ng sapat na suporta ang mga mag-aaral.

Ang Pilipinas ay itinuturing na isa sa pinakamalaking bansa na nagsasalita ng Ingles sa buong mundo. Sa katunayan, ang Ingles ay isa sa mga opisyal na wika ng Pilipinas. Ngunit sa paglipas ng panahon, isang unti-unting pagbaba sa kahusayan sa wikang Ingles ang napapansin sa mga Pilipino batay sa *EF English Proficiency Index, Test of English for International Communication (TOEIC),* at ang average na marka ng mga Pilipinong kumukuha ng IELTS. (Annie S. et al., 2022)

Bagama't itinatag ang Ingles bilang isang opisyal na wika sa Pilipinas, kapansin-pansin ang pagbaba sa kahusayan sa Ingles sa iba't ibang antas ng lipunan, na nakakaapekto sa parehong linggwistika at komunikatibong kakayahan. Kinakailangan ang patuloy na pagsisikap upang mapabuti ang kahusayan sa konteksto ng edukasyon. Natuklasan sa pag-aaral na ang pagpapahusay ng kahusayan sa Ingles at komunikatibong kakayahan ay maaaring makamit sa pamamagitan ng isang programa na nakatuon sa pagpapabuti ng wikang Ingles; kaya naman, binuo ang naturang programa. Ang ganitong diskarte ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa pagtugon sa mga pagkakaiba sa kasanayan at pagpapabuti ng kahusayan sa komunikasyon sa mga mag-aaral. (Japhet Mari G. et al., 2024). Bilang isa sa mga stakeholders, mahalaga ding malinang ng mga guro ang kasanayang ito lalo na sa nagtuturo ng asignaturang Ingles. Kaya isa sa mga natuklasang estratehiya ay mentoring program sa guro at pagbibigay ng teknikal na tulong (Saavedra, Banua, Ajibon, Aukasa, Muhajil & Najam, 2022).

Ayon kay Gaerlan (2016), sa kanyang pagsusuri ng mga karanasan ng mga hindi gaanong matagumpay na Filipino ESL *learners*, napag-alaman na ang mga kalahok (15 na mag-aaral na nasa mataas na paaralan at nag-aaral ng Ingles bilang pangalawang wika) ay hindi *motivated* na gumamit o matuto ng Ingles. Hindi nila nakikita ang Ingles bilang bahagi ng kanilang hinaharap, at kahit na nakikita nila ito tila hindi nila nais magbigay ng labis na pagsisikap sa paggamit ng wika.

### 3.3 Kasanayan sa Pagsulat

Ang mga kasanayan sa epektibong pagsulat ay mahalaga sa iba't ibang disiplina at propesyon. Ang mataas na kasanayan sa pagsulat ay makatutulong sa mag-aaral na mapabuti ang kanyang pagiging malaya, kakayahang maunawaan, kahusayan, at pagiging malikhain sa pagsulat.

Sa pag-aaral nina Cabudbod et. al (2024), "*Predictors of Writing Skills and Learners' Writing Proficiency in Salay District, Division of Misamis Oriental*", sinuri ang mga tagapagtukoy ng kasanayan at kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 10 sa Distrito ng Salay, Misamis Oriental, sa Taong Pampaaralan 2023-2024. Ginamit sa pag-aaral na ito ang metodolohiyang deskriptibo-korelasyonal. Isang daan at limampung (250) mag-aaral ng Baitang 10 sa Distrito ng Salay ang sinuri sa Taong Pampaaralan 2023-2024. Ginamit ang mga *Inferential Statistics* tulad ng *Pearson (r) Moment Correlation* upang subukin ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga tagapagtukoy ng kasanayan sa pagsulat at ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa mga aspekto tulad ng nilalaman, organisasyon, at mga mekaniks at gramatika. Ipinakita ng mga resulta na ang lahat ng apat na tagapagtukoy ay may mataas na antas ng pagsusuri at nagpakita ng positibong ugnayan sa kakayahan sa pagsulat. Ang mga *mean score* para sa parehong *persuasive* at a*rgumentative* na sanaysay ay nasa antas ng kasanayan, na nagpapakita ng pangkalahatang bisa ng pagtuturo sa pagsulat. Sa konklusyon, ang sistema ng feedback ang lumitaw bilang pinakamalakas na tagapagtukoy. Ang kalidad ng nilalaman ay namutawi, partikular sa *persuasive* at *argumentative* na mga sanaysay, na lahat ay umabot sa antas ng kasanayan.

Sa pag-aaral naman na isinagawa nina Zhu at Sun (2024), "*A Mixed-methods Approach to Investigating Chinese English Majors' Writing Self- Efficacy, Writing Self-Regulated Learning Strategies and Writing Proficiency".* Ang pag-aaral ay isinagawa sa dalawang yugto. Sa unang yugto, ang mga *quantitative* na datos ay kinolekta mula sa 73 mag-aaral na ikalawang taon ng Ingles sa isang pangunahing unibersidad sa Beijing sa pamamagitan ng *cluster sampling*. Sa ikalawang yugto, nagsagawa ng *qualitative* na pagkolekta ng datos, kung saan apat na mag-aaral mula sa parehong mababa at mataas na antas ng kakayahan sa pagsusulat ang sinadyang pinili para sa *think-aloud protocols* at *retrospective semi-structured interviews*. Ipinakita ng mga resulta ang makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng pagsusulat ng *self-efficacy*, mga estratehiya ng SRL sa pagsusulat at kakayahan sa pagsusulat. Lalong kapansin-pansin, may mga makabuluhang pagkakaiba sa pagsusulat ng *self-efficacy* at paggamit ng mga estratehiya ng SRL sa pagsusulat sa pagitan ng mga mag-aaral na

may mataas at mababang antas ng kakayahan sa pagsusulat, partikular sa paggamit ng pagsusulat ng self-efficacy at mga estratehiya ng *environmental SRL* sa Ingles.

Ang kasanayan sa pagsulat ay isang mahalagang aspekto ng edukasyon na nagsisilbing batayan sa epektibong komunikasyon at pagpapahayag ng mga ideya. Ang kasanayang ito ay hindi lamang nakakatulong sa akademikong tagumpay kundi pati na rin sa kanilang pag-unlad bilang mga mabisang tagapagpahayag sa iba't ibang larangan ng buhay.

### 3.4 Hamon sa Pagsulat ng Sanaysay sa Ingles

Ang kahalagahan ng wikang Ingles sa pagsulat ng sanaysay ay nag-ambag na sa pagkatuto ng paggamit ng mga salita upang maipahayag ang damdamin, kaisipan, at ideya, kasabay ng pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagsulat.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Ali et al., (2024), tungkol sa mga paghihirap na kinahaharap ng mga mag-aaral ng Ingles sa sekondarya sa Dir Upper, Wari. Ipinapakita na maraming guro ng Ingles sa lugar na ito ang hindi sapat ang pagsasanay sa pagtuturo ng wika. Binibigyang-diin din ng pag-aaral kung gaano kalimit ang paggamit ng mga guro ng *Grammar Translation Method (GTM)*, na nagdudulot ng mga hamon para sa mga mag-aaral dahil pinipilit nito silang magkumpara ng Ingles at ng kanilang sariling wika—isang pamamaraan na hindi nakakatulong sa matagumpay na pagkatuto ng wika. Ipinapakita rin ng pananaliksik na ang pagsasama ng pagtuturo ng katutubong wika at Ingles ay nagdudulot ng ilang mga hamon. Dahil magkaiba ang estruktura ng gramatika ng Pashto at Ingles, ang pamamaraang bilingguwal na ito ay maaaring magdulot ng kalituhan.

Ayon kay Morgan (2018), wala nang mas mahirap tingnan kaysa sa isang blangkong papel o *screen* ng kompyuter. Ito ang karaniwang sitwasyon kapag nagsisimula ng pagsulat ng sanaysay. Mag-isang kuwento man ito, isang nakakumbinsing piraso ng argumento, o isang pananaliksik, ang pagsulat ng isang sanaysay ay madalas na mahirap. Ang buong siklo ng pagsulat ay isang mahabang proseso na puno ng mga hindi inaasahang pagsisimula at mahabang rebisyon. Hindi pa kasama ang mga problema tulad ng "*writer's block*" at *plagiarism*.

Ilan sa mga karaniwang hamon na kinakaharap ng mga manunulat ay ang tamang pagsipi ng mga sanggunian, pagbuo ng isang malinaw na tesis, at pagpapalawak ng mga ideya. Ang pagkaunawa sa mga hamon na ito ay makakatulong sa paglutas ng mga problema sa sandaling matapos ang pagsulat ng sanaysay.

Sa pag-aaral na isinagawa nina Hasnawati et al., (2023), gumamit ang mga mananaliksik ng isang kwalitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng pagsusuri sa 23 sanaysay sa Ingles ng mga mag-aaral. Napagtanto sa pag-aaral na bagama't karamihan sa mga mag-aaral ay nagpapakita ng kakayahan sa pag-oorganisa ng kanilang mga sanaysay at paglalahad ng mga argumento, mayroon silang karaniwang mga paghihirap sa pagbuo ng tesis, pagsasama ng mga ebidensya, at pagkakaugnay-ugnay ng mga ideya.

Ayon naman sa pag-aaral na isinagawa nina Carada at Maligalig (2021), " *Cloze Passage* sa Pagtuturo ng Filipino at Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay", ang pananaliksik ay nakatuon sa paggamit ng *Cloze Passage* bilang isang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino at pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ginamit ang eksperimentong pananaliksik upang matukoy ang epekto ng estratehiyang *Cloze Passage* sa pagsulat ng sanaysay. Ang mga respondente ay binubuo ng 50 mag-aaral sa Ika-anim na Baitang ng Paaralang Elementarya ng Jose Rizal na napili sa pamamagitan ng *purposive sampling*. Ang resulta ay nagpakita na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang estratehiya. Bukod pa rito, ang ilang respondente ay nanatiling mahusay sa tamang paggamit ng mga salita at bantas, habang ang iba naman ay naging mahusay sa pagsulat sa mga kategoryang nilalaman, organisasyon, at baybay ng mga salita. Batay sa mga resulta, tumaas ang mean score ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay, at isang malaking porsyento ng mga respondente ay naging mahusay sa pagsulat. Napatunayan na ang estratehiyang *Cloze Passage* ay kapaki-pakinabang sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, lalo na sa pagsulat ng sanaysay.

Ang mga hamon sa pagsulat ng sanaysay ay naglalantad ng pangangailangan ng mas malalim na suporta at mga angkop na pamamaraan sa pagturo upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral. Ang tamang pagtugon sa mga kahirapan ay susi sa kanilang pag-unlad at tagumpay sa pagsulat ng sanaysay.

## IV. BATAYANG TEORETIKAL

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa *Cognitive Information Processing (CIP), Cognitive Academic Language Proficiency (CALP),* at *Cumulative Inequality Theory (CIT*). Ang mga teoryang ito ay may layunin na maipaliwanag kung paano nakabubuo ng isang sulatin ang isang tao, ang kaibahan sa unang wika at ang antas ng pamumuhay sa konteksto ng pagsulat. Ibig sabihin, ang teoryang ito ay nagpapakita na mayroong mga natatanging kaibahan sa pagsulat mg isang sanaysay ang isang indibidwal batay sa kanyang unang wika at antas ng pamumuhay.

Ang *Cognitive Information Processing Theory* ni George Armitage Miller (1960) ay isang teorya sa kognitibong sikolohiya na pinag-aaralan ang mga mental na proseso na may kinalaman sa pagkuha, pag-iimbak, at paggamit ng kaalaman. Nakatuon ito sa daloy ng impormasyon habang ito ay dumadaan sa iba't ibang yugto

sa isip ng isang tao. Batay ito sa ideya na ang mga tao ay hindi lamang basta tumutugon sa mga *stimulus* mula sa kapaligiran. Sa halip, pinoproseso nila ang impormasyong kanilang natatanggap.

Ayon sa teoryang ito, ang isip ng tao ay maaaring ihambing sa isang *information processor* na katulad ng isang kompyuter. Ipinapakita ng modelong ito na ang mga pangyayari ay binubuo ng maliliit na piraso ng impormasyon na pinoproseso sa iba't ibang yugto, tulad ng *encoding*, *storage*, at *retrieval*. Sa pagsulat, ang *encoding* ay ang proseso ng pagbuo ng ideya at pagsasalin nito sa nakasulat na anyo, gamit ang kaalaman, karanasan, at iba pang mapagkukunan ng impormasyon. Ang *storage* naman ay tumutukoy sa kakayahan ng isang manunulat na mag-imbak ng impormasyon sa kanyang alaala, kabilang ang mga kaalaman sa bokabularyo, gramatika, at estruktura ng pagsulat na maaaring gamitin sa kanyang komposisyon. Samantala, ang *retrieval* ay ang kakayahang kumuha ng impormasyong nakaimbak upang maisama ito sa proseso ng pagsulat, gaya ng paggamit ng dati nang kaalaman upang makabuo ng malinaw at organisadong teksto. Ipinapakita ng *Cognitive Information Processing Theory* na ang pagsulat ay hindi lamang isang mekanikal na gawain kundi isang masalimuot na proseso ng pagpoproseso ng impormasyon na nangangailangan ng organisasyon, memorya, at lohikal na pag-iisip.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay din sa *Cognitive Academic Language Proficiency* (CALP) ni Jim Cummins (1979), na naglalarawan ng koneksyon sa pagitan ng mga prosesong kognitibo at lingguwistiko ng mga mag-aaral at ng kanilang akademikong gawain. Mayroong dalawang antas ng kasanayan sa wika, ito ay ang *Basic Interpersonal Communicative Skills* (BICS) at ang CALP. Ang konsepto ng BICS ay tumutukoy sa kasanayan ng mga mag-aaral sa impormal na pakikipag-usap. Ginagamit nila ito sa kanilang pang-araw-araw na pakikipag-usap sa kanilang mga magulang, kapatid, kaibigan, at iba pang tao sa totoong mga sitwasyon. Ang ganitong uri ng pang-araw-araw na pakikipag-usap ay tinatawag na *context-embedded o contextualized*.

Samantala, ang CALP ay ang antas ng kasanayan sa wika na kinakailangan sa mga akademikong gawain. Kabilang dito ang pagbabasa, pagsulat, pakikilahok sa mga pormal na talakayan, at pagsasagot ng mga pagsusulit. Dahil dito, ang mga mag-aaral na hindi pa ganap na nade-develop ang kanilang CALP ay maaaring makaranas ng kahirapan sa pag-aaral ng mga akademikong asignatura. Ang konsepto ng CALP ay may kaugnayan sa kasanayan sa pagsulat sa una o pangalawang wika. Kinakailangan ang mataas na antas ng kasanayan sa wika at proseso ng pag-iisip upang malinang ang kakayahang pangwika na mahalaga sa tagumpay sa paaralan. Lahat ng bata ay natural na nade-develop ang BICS at natututo ng pakikipagtalastasan gamit ang kanilang unang wika. Sa kabilang banda, ang CALP ay isang kombinasyon ng kasanayan sa wika at prosesong kognitibo na nakaaapekto sa tagumpay ng isang mag-aaral sa paaralan.

Ang *Cognitive Academic Language Proficiency* (CALP) ay may malaking epekto sa kakayahan ng isang tao sa pagsulat, lalo na kung ang kanyang unang wika ay iba sa Ingles. Dahil ang CALP ay sumasaklaw sa mas mataas na antas ng kasanayang pangwika at kognitibong pagpoproseso, maaaring maging mahirap para sa isang indibidwal na bumuo ng organisado, lohikal, at akademikong sulatin kung hindi pa niya ganap na nade-develop ang CALP sa Ingles. Kung ang isang mag-aaral ay bihasa lamang sa *Basic Interpersonal Communicative Skills (BICS*) sa Ingles—ibig sabihin, kaya niyang makipag-usap nang impormal ngunit kulang sa mas mataas na antas ng kasanayang pangwika—maaaring mahirapan siyang gamitin ang wika sa pagsulat ng mga sanaysay, pananaliksik, o iba pang akademikong teksto. Dahil ang akademikong pagsulat ay nangangailangan ng mas estrukturadong pag-iisip, tamang gamit ng gramatika, teknikal na bokabularyo, at lohikal na daloy ng ideya, maaaring magdulot ito ng iba't ibang suliranin. Isa na rito ang limitadong bokabularyo at ekspresyon, kung saan maaaring hindi sapat ang kaalaman ng isang manunulat sa mga akademikong salita at ekspresyong ginagamit sa pormal na pagsulat, kaya maaaring gumamit siya ng hindi angkop o simpleng mga salita na hindi ganap na nagpapahayag ng kanyang ideya. Isa pang hamon ay ang hirap sa organisasyon ng ideya. Sa akademikong pagsulat, mahalaga ang malinaw na pagtatalakay ng mga konsepto, paggamit ng ebidensya, at lohikal na transisyon ng mga ideya. Kung hindi pa matatag ang CALP sa Ingles, maaaring magulo o hindi sistematiko ang daloy ng kanyang sulatin. Kung ang isang tao ay hindi ganap na nauunawaan ang kanyang binabasa dahil sa mataas na antas ng bokabularyo at konsepto sa Ingles, maaaring mahirapan siyang magsulat tungkol dito. Sa madaling sabi, ang pagkakaiba ng unang wika at ang pangangailangang sumulat sa Ingles ay maaaring magdulot ng mga hamon sa bokabularyo, estruktura, organisasyon ng ideya, at interpretasyon ng mga tekstong akademiko.

Ang *Cumulative Inequality Theory* ni Robert Merton (1980) ay isang sistematikong paliwanag kung paano nabubuo ang mga hindi pagkakapantay-pantay. Ayon sa teoryang ito, ang pagkilala mula sa mga kasamahan at mula sa mga nalathalang pananaliksik sa larangan ng agham ay lumilikha ng *cumulative advantage* o tinatawag ding M*atthew Effect*, na humahantong sa pagtanggap ng mga mapagkukunan na nagpapadali sa pagsasagawa ng mga proyekto sa pananaliksik. Sa loob ng apat na dekada, lumawak ang saklaw ng teoryang ito upang isama ang pananaw na may ilang tao na mas marami ang natatamong *disadvantage* kaysa sa mga benepisyo, na siyang nakaaaapekto sa kalidad ng buhay ng mga lipunan, henerasyon, at indibidwal. Ang *Matthew Effect* ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng *preferential attachment*, kung saan ang yaman o pagkilala ay ipinapamahagi sa mga indibidwal batay sa kung gaano karami na ang kanilang natatanggap.

Ang epekto nito ay lalong pinapahirap para sa mga mababa ang antas na pataasin ang kanilang posisyon dahil kakaunti lamang ang kanilang mapagkukunan upang ipuhunan sa paglipas ng panahon. Samantala, mas madali para sa mga nasa mataas na antas na mapanatili ang kanilang malaking kabuoang yaman o pagkilala dahil marami silang mapagkukunan na maaaring ipuhunan o ipagsapalaran. Ang pangunahing prinsipyo nito ay ang paniniwala na "ang mga sistemang panlipunan ang lumilikha ng hindi pagkakapantay-pantay, na lumilitaw sa buong siklo ng buhay sa pamamagitan ng mga demograpiko at pangkaunlarang proseso." Sa konteksto ng pagsulat, ang teoryang ito ay may malaking epekto sa mag-aaral o indibidwal. Pinapaliwanag ng teoryang ito na ang isang taong may mas maraming mapagkukunan, edukasyonal na oportunidad, at akademikong pagkilala ay mas nagkakaroon ng pagkakataon na pagbutihin ang kanyang kasanayan sa pagsulat, samantalang ang mga kulang sa ganitong mga pagkakataon ay maaaring mahirapang humabol. Ang mga mag-aaral na may *access* sa mas mahusay na sistema ng pagtuturo, mas maraming babasahin, at mas mahusay na suporta sa pagsulat ay may *cumulative advantage*, na nagiging dahilan upang mas madaling mapaunlad nila ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Samantala, ang mga nagmula sa hindi gaanong maunlad na kapaligiran ay maaaring magtaglay ng *cumulative disadvantage*, na maaaring humantong sa kakulangan sa bokabularyo, kahirapan sa pagbuo ng lohikal na argumento, at limitadong kakayahan sa pag-aayos ng kanilang mga ideya sa pormal na sulatin. Ipinapakita ng *Cumulative Inequality Theory* na ang pagsulat ay hindi lamang isang kasanayan kundi isang kakayahang naiimpluwensyahan ng panlipunan at pang-ekonomiyang salik.

Samakatuwid, ginamit na batayan ang mga teoryang ito sapagkat may kaugnayan ito sa mga hamon na kinakaharap ng isang tao sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.

## V. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng detalyadong pagsasalaysay tungkol sa mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik sa kanilang pag-aaral, paraan ng pagpili ng mga kalahok, mga instrumentong ginamit sa pagkuha ng datos, proseso ng pagtitipon ng datos, at estadistikal na pamamaraang ginamit sa pag-analisa ng mga ito. Sa pamamagitan ng maingat na pagpili at pagsusuri sa mga ginamit na pamamaraan, instrumento at kalahok, ang mga mananaliksik ay nagpursigi na gawing mas epektibo at kapaki-pakinabang ang kanilang pag-aaral.

### 5.1 Pamamaraang Ginamit

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng kuwantitatibong pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang *descriptive research design* gamit ang sarbey teknik upang matukoy ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles. Ang "*Descriptive Survey Research Design*" ang napiling gamitin ng mga mananaliksik at gumamit ng talatanungan o survey questionnaire sa paglilikom ng datos. Ang pagpili ng disenyong ito ay angkop sa layunin ng pag-aaral ng mga nanaliksik sapagkat mas mapabibilis ang isinasagawang pangangalap ng datos mula sa maraming kalahok at nagbibigay ito ng sapat ng impormasyon na saklaw sa kahalagahan ng pag-aaral.

### 5.2 Pagpili ng kalahok

Ang paraan na gagamitin sa pagpili ng mga kalahok sa pananaliksik na ito ay *Random Sampling*, kung saan mayroong kabuong siyam na pung (90) kalahok na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao ay magiging bahagi ng pag-aaral. Layunin ng pag-aaral na tuklasin ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles. Ang siyam na pung (90) kalahok na napili ay may iba't ibang antas ng kasanayan sa pagsulat, kaya't masusing susuriin ang mga karaniwang hamon tulad ng pagbuo ng nilalaman, pag-organisa ng paksa, mekaniks sa pagsulat at estilo ng pagsulat. Ang *random sampling* ay isang pamamaraan sa pagpili ng mga kalahok para sa isang pag-aaral kung saan ang bawat isa sa mga miyembro ng populasyon ay may pantay-pantay na pagkakataon na mapili.

### 5.3 Instrumento ng Pananaliksik

Ang talatanungan ay hinango mula pag-aaral na isinagawa ng mga mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Malalayang Sining taong 2020 na may pamagat na "*Difficulties in Writing Essays among Grade 12 Learners"*. Ito ay sumailalim sa *pilot testing* upang subukin ang *validity* at *reliability* bago ang pagpapatupad nito sa isinagawang pag-aaral. Ang *reliability* ng talatanungan ay .913 ibig sabihin ang instrumento ay maaaring gamitin para sa gagawing pananaliksik.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng talatanungang may mga deskriptibong pahayag na nahahati sa apat na kategorya; nilalaman, organisasyon, mekaniks at estratehiya sa pagsulat upang malaman ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.

Ang talatanungan ay binubuo ng dalawampung (20) pahayag. Mayroong lima (5) para sa nilalaman, lima (5) para sa organisasyon, lima (5) sa mekaniks gayundin sa estratehiya sa pagsulat (5). Hihilingin sa mga

kalahok na *i-rate* ang bawat aytem sa limang puntong *Likert Scale* mula sa 5 na tumutukoy sa lubos na sumasang-ayon, 4 na sumasang-ayon, 3 neutral, 2 na hindi sumasang-ayon, 1 lubos na hindi sumasang-ayon. Inihango ito sa pag-aaral na isinagawa ng mga mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Malalayang Sining taong 2020 na may pamagat na "*Difficulties in Writing Essays among Grade 12 Learners".*

**5.4 Pangangalap ng Datos**

Matapos matukoy ang tiyak na paksa ng pag-aaral, nagsimula nang mangalap ng datos ang mga mananaliksik mula sa iba't ibang mapagkukuhaan. Nagsagawa ng pananaliksik sa *internet*, binasa ang mga inilathalang pag-aaral, mga libro o *thesis* sa silid-aklatan, at pinag-aralan ang mga teorya na may kaugnayan sa napiling paksa. Pagkatapos matiyak ang paksa, nagsimula na ang mga mananaliksik sa pangangalap ng datos mula sa mga mag-aaral na nasa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao.

Upang maisagawa ang pananaliksik, nagsagawa ang mga mananaliksik ng pangangalap ng datos gamit ang isang pamantayang talatanungan na idinisenyo upang suriin ang "Mga Hamong Nararanasan ng Mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay sa Wikang Ingles". Ang talatanungan ay binubuo ng mga tanong na naglalayong tukuyin ang mga partikular na hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles. Layunin nitong tuklasin ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.

Upang matiyak ang partisipasyon at kumpidensyalidad ng mga kalahok, ipinamahagi ang talatanungan kasama ang isang sulat ng pahintulot *(informed consent form*). Ang sulat na ito ay naglalaman ng detalyadong impormasyon tungkol sa layunin ng pag-aaral, ang mga pamamaraan na gagamitin, ang mga potensyal na benepisyo, at ang proteksyon ng impormasyon ng mga kalahok. Dagdag pa rito, maaasahan ng mga kalahok na ang kanilang mga datos ay ilalagay sa isang kahon na tanging ang mga mananaliksik lamang ang makagagamit sa loob ng isang taon, pagkatapos ng isang taon ay ipasasawalang bisa ang mga datos sa pamamagitan ng pagsunog sa mga ito.

Bilang gabay sa paghahanap sa mga kalahok, ginamit ng mga mananaliksik ang iskedyul ng mga klase. Ibinigay ang talatanungan sa loob ng klase upang matiyak na ang lahat ng napiling kalahok ay maabot at makalahok sa pag-aaral. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mga istatistika upang matukoy ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.

**5.5 Konsiderasyong Etikal**

Ang pananaliksik ay nagtitiyak ng pagsunod sa mga protokol at pamantayan sa pananaliksik. Magbibigay ang mga mananaliksik ng impormadong pahintulot at pagsangayon sa mga kalahok bago ang kanilang pakikilahok, upang tiyakin na naiintindihan nila ang layunin ng pag-aaral at ang kanilang mga karapatan. Sa pamamagitan ng mga pormularyo ng impormadong pahintulot, tinitiyak sa mga kalahok ang proteksyon mula sa sensitibong impormasyon at kaalaman na ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo at maaring bawiin. Binigyang-diin ang pagiging kumpidensyal ng mga katauhan at datos ng mga kalahok, na ekslusibo para lamang sa layunin ng pananaliksik. Ang anumang magiging resulta ng pag-aaral na ito ay ipapaalam sa mga naging kalahok. Ang pag-aaral ay sasailalim sa pagsusuri upang tiyakin ang pagsunod at integridad, kabilang ang mga pagsusuri sa *plagiarism* para sa orihinalidad. Bukod dito, ito ay sumunod sa *Data Privacy Act* ng 2012 upang pangalagaan ang karapatan at *privacy* ng mga kalahok.

**5.6 Pagsusuri ng Datos**

Nakuha ang kabuoang siyam na pung (90) kopya ng mga *checklist* mula sa mga mag-aaral ng Western Mindanao State University (WMSU). Pagkatapos makuha ang mga datos mula sa mga kalahok ang mga ito ay inayos at inilahad sa isang talahanayan. Ang pangunahing estadistikal na pamamaraan na ginamit ay *five-point Likert Scale* upang matukoy ang katumbas na bigat para sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.

Upang matukoy ang minimum at maximum na haba ng uri ng *five-point Likert Scale*, ang range ay kinalkula sa pamamagitan ng (5 - 1 = 4) na pagkatapos ay hinati ang lima (5) bilang ito ang pinakamataas na bilang sa scale (5 / 4 = 0.80). Sumusunod rito, ang unang bilang, ang pinakamababang numero ay idinagdag upang matukoy ang maximum ng cell na ito. Ang haba ng *cell* ay matutukoy sa pamamagitan ng talahanayan sa ibaba.

Eskala ng Pagsukat na nakikita sa Talahanayan 1.0 sa ibaba.

| Halaga ng Bilang | Eskala | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1 | 1.00 – 1.80 | Lubos na Hindi Naging Hamon |
| 2 | 1.81 – 2.60 | Hindi Naging Hamon |
| 3 | 2.61 – 3.40 | Katamtamang Hamon |

| Halaga ng Bilang | Eskala | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4 | 3.41 – 4.20 | Naging Hamon |
| 5 | 4.21 – 5.00 | Lubos na Naging Hamon |

**Talahanayan 1.0. Estadistikang gagamitin sa pagtukoy ng kategoryang naging hamon at hindi naging hamon sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles**

## VI. RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng paglalahad, pagsusuri, at pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap upang malaman at masagot ang mga suliranin sa pag-aaral. Ang mga datos na may katangiang istatistikal ay inilahad sa talahanayan at tektwal na presentasyon at ang pagtatalakay ay iniayos sa pagkakasunod-sunod ng suliraning inihayag.

Ginamit ng mga mananaliksik ang *Kruskal-Wallis Test* na isang *non-parametric* na alternatibo sa *one-way ANOVA* upang masagot at masuri ang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles. Karaniwang ginagamit ang pagsusuring ito kung hindi natutugunan ang pagpapalagay ng normalidad, uri ng datos at *homogeneity of variance*. Ang mga sumusunod ay ang resulta na sumasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

1. Ano-ano ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles batay sa sumusunod na kategorya:
    a. Nilalaman;
    b. b. Organisasyon;
    c. c. Mekaniks; at
    d. d. Estratehiya sa Pagsulat?

**Talahanayan 2.0.** ***Mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles.***

| Kategorya | Mean Score | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Nilalaman | 2.042 | Hindi Naging Hamon |
| Organisasyon | 2.262 | Hindi Naging Hamon |
| Mekaniks | 2.238 | Hindi Naging Hamon |
| Estratehiya sa pagsulat | 2.32 | Hindi Naging Hamon |

*Legend*
*1.00 - 1.80 - Lubos na Hindi Naging Hamon*
*1.81 - 2.60 - Hindi Naging Hamon*
*2.61 - 3.40 - Katamtamang Hamon*
*3.41 - 4.20 - Naging Hamon*
*4.21 - 5.00 - Lubos na Hindi naging Hamon*

Ipinapakita sa Talahanayan 2.0 ang mga napansing hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles. Ipinapakita rito na hindi naging hamon sa mga mag-aaral ang pagsulat ng sanaysay sa wikang ingles batay sa nilalaman, organisasyon, mekaniks at estratehiya sa pagsulat na may mean score (2.042, 2.262 2.238, 2.32). Na nangangahulugang hindi tinuturing ng mga mag-aaral na hamon ang pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles pagdating sa nilalaman, organisasyon, mekaniks at estratehiya sa pagsulat. Ipinapakita rito na lahat ng kategorya na tinukoy ay hindi itinuturing na hamon ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulat ng sanaysay sa wikang Ingles. Lahat ng mean score ay nasa pagitan ng 2 hanggang 2.32, na ayon sa legend ng panukat ay tumutugma sa "Hindi Sumasang-ayon," ibig sabihin, hindi sila nahirapan sa mga nabanggit na bahagi ng pagsulat.

Bagama't mas mataas nang kaunti ang iskor sa Organisasyon (2.262) at Estratehiya sa Pagsulat (2.32) kumpara sa iba, hindi pa rin ito lumampas sa threshold na magpapahiwatig ng pagkakaroon ng hamon. Sa pangkalahatan, masasabi na hindi naging hamon para sa mga mag-aaral ang pagsusulat ng sanaysay sa Ingles sa mga kategorya ng nilalaman, organisasyon, mekaniks, at estratehiya sa pagsulat batay sa resulta ng *survey*.

Sumasang-ayon ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa isinagawang pananaliksik ni Gabuyo, Sankis (2025), gumamit ang pananaliksik ng pinagsamang metodolohiyang kwalitatibo at kwantitatibo upang masuri ang mga salik na nakaaapekto sa pagsusulat ng mga mag-aaral. Sa kwalitatibong pagsusuri, natukoy na lahat ng kalahok ay nakaranas ng iba't ibang hamon sa pagsusulat, kabilang ang pamamahala ng oras, at mga distraksyon sa teknolohiya. Natuklasan din ni Gabuyo na hindi kabilang sa mga hamon ang pagbuo ng nilalaman, pag-organisa ng mga ideya at ang pagsunod sa mga mekaniks ng pagsulat. Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-

aaral ay hindi nakaranas ng kahit na anong hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles batay sa mga kategorya.

2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles batay sa unang wika at antas ng pamumuhay?

**Talahanayan 3.0. *Makabuluhang pagkakaiba sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa unang wika.***

**Kruskal Wallis Test Result**

| Variable | $\chi^2$ | Significant Value | Decision | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Unang Wika | 18.3 | 0.076 | Accept Null Hypothesis | Not Significant |

*Significant @ 0.05*

Ang *Kruskal-Wallis test* ay isinagawa upang matukoy kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga sanaysay sa Ingles batay sa kanilang unang wika. Ang mga resulta ng pagsubok ($\chi$ 2=18.3, p=0.076) ay nagpahiwatig ng isang hindi makabuluhang pagkakaiba sa mga grupo. Dahil dito, tinanggap ang *null hypothesis*, na nagmumungkahi na ang mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga sanaysay sa Ingles ay magkatulad sa iba't ibang mga unang wika. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang unang wika ng isang mag-aaral ay hindi gaanong nakaaapekto sa mga hamong na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingels.

Sumasang-ayon ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa isinagawang pananaliksik nina Tang at van Hell (2024), kung saan inihambing ang mga sanaysay ng mga mag-aaral na gumagamit ng ikalawang wika (L2) na may iba’t ibang unang wika (L1). Sa kanilang pag-aaral, natuklasan na ang pantay na pamamahagi ng impormasyon sa pagsulat ay hindi gaanong naiimpluwensyahan ng unang wika ng manunulat, anuman ang antas ng kanilang kasanayan sa L2. Ayon sa kanila, habang ang ibang sukat ng impormasyon gaya ng surprisal at constancy of entropy ay nagpapakita ng pagkakaiba batay sa L2 proficiency, ang uniformity of information density ay nanatiling halos magkatulad sa lahat ng kalahok. Ipinahihiwatig nito na ang kakayahang ipamahagi nang pantay ang impormasyon sa pagsulat ay maaaring isang unibersal na mekanismo sa produksiyon ng wika ng tao, at hindi tuwirang naaapektuhan ng unang wikang gamit ng mga manunulat.

Sa pag-aaral naman ni Edelsky (1982), kanyang sinuri ang pagsulat ng mga mag-aaral na gumagamit ng Ingles bilang kanilang pangalawang wika at may magkakaibang unang wika. Lumabas sa kanyang pag-aaral na ang kaalaman at kasanayan sa pagsulat ay maaaring mailipat mula sa unang wika patungo sa pangalawang wika, ngunit ang mga hamon sa pagsulat sa Ingles ay hindi tuwirang dulot ng kanilang unang wika. Ang kinalabasang ito ay tumutugma sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Ingles batay sa kanilang unang wika. Ipinapakita nito na ang unang wika ay hindi pangunahing salik sa mga suliraning kinakaharap sa pagsulat, kundi ang antas ng kasanayan sa Ingles at karanasan sa akademikong pagsulat ang higit na may impluwensiya

***Talahanayan 4.0. Makabuluhang pagkakaiba sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa antas ng pamumuhay.***

**Kruskal Wallis Test Result**

| Variable | $\chi^2$ | Significant Value | Decision | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Antas ng Pamumuhay | 11.1 | 0.011 | Reject Null Hypothesis | Significant |

*Significant @ 0.05*

Ang Kruskal-Wallis test ay isinagawa upang matukoy kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon na naranasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga sanaysay sa Ingles batay sa kanilang antas ng pamumuhay (socioeconomic status). Ang mga resulta ng pagsubok ($\chi$ 2 =11.1, p=0.011) ay nagpahiwatig ng isang makabuluhang pagkakaiba sa mga grupo. Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis, na nagmumungkahi na ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga sanaysay sa Ingles ay pagkakaiba sa iba't ibang antas ng pamumuhay. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang antas ng pamumuhay ng isang mag-aaral ay may makabuluhang impluwensya sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Ingles.

Sinang-ayunan naman ito ng pag-aaral ni Daniel et al. 2021 “*Influence of Family socioeconomic influence of family socioeconomic status on the academic performance of students in Soba Local Government Area of Kaduna State*" Sinuri ng papel ang impluwensya ng socioeconomic status ng pamilya sa pagganap sa akademya ng mga estudyante sa Soba Local Government Area. Ang pag-aaral ay gumamit ng isang descriptive

survey design. Ang populasyon para sa pag-aaral na ito ay binubuo ng lahat ng mga estudyante sa pampubliko at pribadong paaralan sa Soba Local Government Area. Ang isang simple random sampling technique ay ginamit upang pumili ng mga sekundaryang paaralan sa Soba Local Government Area. Isinulat ng mananaliksik ang mga pangalan ng mga paaralan sa isang hiwalay na papel at tiniklop ito para sa isang tao na pumili ng apat (4) na paaralan na ginamit para sa pag-aaral na ito. Ang purposive sampling technique ay ginamit upang pumili ng limampu (50) estudyante mula sa bawat napiling paaralan na may kabuuang dalawang daan (200) na estudyante sa sekundaryang paaralan na nagsilbi bilang mga respondent para sa pag-aaral. Ang correlation coefficient na 0.61 ay nakuha at sa gayon ay nagpapakita na ang instrumento ay maaasahan para sa pag-aaral. Ang nakolektang data ay pinag-aralan gamit ang mga porsyento at frequency count at ang mga hypothesis ay nasubok gamit ang chi-square statistical method.

Ang resulta ng mga natuklasan ay nagsiwalat na ang socioeconomic status ng pamilya ay may makabuluhang impluwensya sa pagganap sa akademya ng mga estudyante at ang mga single parent ay may makabuluhang impluwensya sa pagganap sa akademya ng mga estudyante sa Soba Local Government Area ng Kaduna State. Napagpasyahan na ang socioeconomic status ng mga magulang, pati na rin ang impluwensya ng mga single parent sa pagganap sa akademya ng mga estudyante sa Soba local Government Area, ay hindi maaaring mapagwalang-bahala. Ayon naman sa pag-aaral ni Agung et al., 2024 "Parental socioeconomic status, school physical facilities availability, and students' academic performance." Ang edukasyon ay isang pangunahing nagtutulak sa pagbawas ng kahirapan at pagtaas ng ibinahaging kaunlaran. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng socioeconomic status ng mga magulang at ang pagkakaroon ng mga pisikal na pasilidad ng paaralan sa pagganap sa akademya. Ginamit ang isang quantitative survey research approach gamit ang mga estudyante ng junior high school sa Southern Papua Province, Indonesia, bilang populasyon at sample. Ang data tungkol sa socioeconomic status ng mga magulang at ang pagkakaroon ng mga pisikal na pasilidad ng paaralan ay nakolekta gamit ang dalawang quantitative survey questionnaires, samantalang ang data tungkol sa pagganap sa akademya ng mga estudyante ay nakuha sa pamamagitan ng pagkuha ng mga akademikong talaan ng mga sinurvey na estudyante.

Ang mga resulta ay nagsiwalat ng isang makabuluhang positibong epekto ng socioeconomic status ng mga magulang at ang pagkakaroon ng mga pisikal na pasilidad ng paaralan sa pagganap sa akademya sa mga estudyante ng junior high school sa Southern Papua Province, Indonesia, parehong partially at simultaneously. Binibigyang-diin ng resulta ang kahalagahan ng pagtugon sa mga pagkakaiba sa access sa de-kalidad na edukasyon sa pagitan ng mga estudyante mula sa iba't ibang socioeconomic background. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring magpalakas sa mga pagsisikap upang maalis ang mga pagkakaiba na nakabatay sa klase sa pagganap sa akademya ng mga estudyante sa compulsory education. Bilang karagdagan, ang patakaran ng gobyerno tungkol sa socioeconomic status ng mga magulang at mga scholarship ng paaralan ay dapat na maipatupad nang lubusan upang itaguyod ang educational equity upang ang mga estudyante mula sa mababang ekonomikong background ay magkaroon ng pantay na access sa de-kalidad na edukasyon.

**Talahanayan 5.0.** ***Makabuluhang pagkakaiba sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa antas ng pamumuhay.***

***Pairwise comparisons - Hamong Nararanasan***

| | | *W* | *p* |
|---|---|---|---|
| ***"10k pababa"*** | ***"10 - 15k"*** | ***-1.325*** | ***0.785*** |
| ***"10k pababa"*** | ***"15-20k"*** | ***-4.068*** | ***0.021*** |
| ***"10k pababa"*** | ***"20k pataas"*** | ***3.025*** | ***0.141*** |
| ***"10 - 15k"*** | ***"15-20k"*** | ***-2.886*** | ***0.173*** |
| ***"10 - 15k"*** | ***"20k pataas"*** | ***-0.752*** | ***0.173*** |
| ***15-20k"*** | ***"20k pataas"*** | ***2.455*** | ***0.305*** |

Upang higit pang maunawaan ang partikular na kalikasan ng mga pagkakaibang ito, isinagawa ang mga post-hoc pairwise comparisons gamit ang Dwass-Steel-Critchlow-Fligner method, na nakatuon sa Hamong Nararanasan. Ang mga paghahambing na ito ay nagsiwalat ng isang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon

na naranasan sa pagitan ng mga mag-aaral mula sa mga sambahayan na kumikita ng "₱10k pababa" (10,000 pesos at mas mababa) at yaong kumikita ng "₱15-20k" (15,000 hanggang 20,000 pesos) ($W=-4.068, p=0.021$).

Gayunpaman, walang ibang pairwise comparisons ang umabot sa makabuluhang antas: "₱10k pababa" kumpara sa "₱10 - 15k" ($W=-1.325, p=0.785$), "₱10k pababa" kumpara sa "₱20k pataas" (20,000 pesos at pataas) ($W=-3.025, p=0.141$), "₱10 - 15k" kumpara sa "₱15-20k" ($W=-2.886, p=0.173$), "₱10 - 15k" kumpara sa "₱20k pataas" ($W=-0.752, p=0.951$), at "₱15-20k" kumpara sa "₱20k pataas" ($W=2.455, p=0.305$). Ang mga post-hoc analysis na ito ay nagpapahiwatig na ang makabuluhang pangkalahatang pagkakaiba na napansin ng Kruskal-Wallis test ay pangunahing hinihimok ng pagkakaiba sa mga hamon sa pagsulat ng sanaysay sa pagitan ng mga mag-aaral mula sa pinakamababang bracket ng kita at yaong mula sa ₱15,000 hanggang ₱20,000 bracket ng kita.

Ang mga resulta ng Kruskal-Wallis test at ang kasunod na post-hoc analysis gamit ang Dwass-Steel-Critchlow-Fligner method ay nagpapakita ng isang makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon na kinakaharap ng mga estudyante sa pagsulat ng mga sanaysay sa Ingles batay sa kanilang socioeconomic status. Partikular, natuklasan ng pag-aaral na ang mga estudyanteng kabilang sa pinakamababang kita (₱10,000 at mas mababa) ay nag-ulat ng mas malaking kahirapan kumpara sa mga nasa ₱15,000 hanggang ₱20,000 kita. Ipinapakita nito na ang socioeconomic status ay may makabuluhang epekto sa mga karanasan at pakikibaka na kinakaharap ng mga estudyante kapag nakikibahagi sa mga gawain sa akademikong pagsulat, lalo na sa isang pangalawang wika tulad ng Ingles.

Mahalagang bigyang-diin na ang mga resulta na ito ay hindi nagpapahiwatig na ang mga estudyante mula sa mas mababang socioeconomic background ay mas bihasa sa pagsulat ng Ingles. Sa halip, ang mga resulta ay nagpapahiwatig na ang mga estudyanteng ito ay mas malamang na makaranas ng mga hadlang na pumipigil sa kanilang pagganap sa akademya. Ang mga hadlang na ito ay maaaring magsama ng limitadong access sa mga materyales sa pag-aaral, nabawasan na pagkakalantad sa Ingles kapwa sa bahay at sa kanilang komunidad, at mas kaunting pagkakataon para sa karagdagang suporta sa akademya tulad ng pagtuturo o mga programang pampalawak. Sa kabaligtaran, ang mga estudyante mula sa mga pamilyang may mas mataas na kita ay maaaring makinabang mula sa mas magagandang pang-edukasyon na resources, mas kanais-nais na kapaligiran sa pag-aaral, at mas malaking suporta mula sa mga magulang, na lahat ay nakakatulong sa mas kaunting mga hamon sa mga gawain sa pagsulat.

Bukod dito, habang isang pairwise comparison lamang (₱10,000 at mas mababa vs. ₱15,000–₱20,000) ang nagpakita ng isang makabuluhang pagkakaiba, ang pangkalahatang resulta ng Kruskal-Wallis test ay nagbibigay-diin sa isang pangkalahatang trend: na ang mga pagkakaiba sa mga kondisyon sa ekonomiya ay nauugnay sa iba't ibang antas ng kahirapan sa mga gawain sa akademya. Pinatitibay nito ang ideya na ang pagkamit sa edukasyon ay hindi lamang isang resulta ng indibidwal na kakayahan o motibasyon, kundi malalim din na naiimpluwensyahan ng mga estruktural at pang-ekonomikong kadahilanan.

Ang mga resulta na ito ay nagbibigay-diin sa pangangailangan para sa mga paaralan, guro, at mga tagapaggawa ng patakaran na bumuo at magpatupad ng mga espesipikong programa na susuporta sa mga estudyanteng nagmumula sa mga pamilyang may mababang kita. Ang pagbibigay ng pantay na access sa mga pang-akademikong resources, paglikha ng mas nakakaengganyo at nagbibigay-suporta na kapaligiran sa silid-aralan, at pag-aalok ng karagdagang suporta sa wika at pagsulat ay makatutulong na mabawasan ang agwat sa mga hamon sa akademya at mapabuti ang resulta para sa lahat ng mga mag-aaral, anuman ang kanilang pinagmulang pang-ekonomiya.

## VII. KONKLUSYON

Batay sa mga datos na nakalap, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon: (1) Ang pagsusulat ng sanaysay sa wikang Ingles ay hindi itinuturing na hamon ng mga mag-aaral batay sa apat na pangunahing kategorya: nilalaman (mean = 2.042), organisasyon (mean = 2.262), mekaniks (mean = 2.238), at estratehiya sa pagsulat (mean = 2.32). Lahat ng mean score ay nasa saklaw ng “Hindi Sumasang-ayon,” na nangangahulugang hindi nila kinikilala ang mga ito bilang suliranin sa kanilang pagsusulat. (2) Bagaman bahagyang mas mataas ang mean score sa kategorya ng organisasyon at estratehiya sa pagsulat, nananatili pa rin ang interpretasyong hindi ito naging hamon. Ito ay nagpapakita na sa kabuoan, walang partikular na kategorya ng pagsusulat sa Ingles ang itinuturing na mahirap para sa mga mag-aaral. (3) Ayon sa resulta ng Kruskal-Wallis test, natuklasan na ang unang wika ng mga mag-aaral ay walang makabuluhang epekto sa mga hamon na kanilang naranasan sa pagsusulat ng sanaysay sa Ingles ($\chi^2 = 18.3$, $p = 0.076$). Tinanggap ang null hypothesis, kaya’t masasabi na pare-pareho ang karanasan ng mga mag-aaral anuman ang kanilang unang wika. (4) Gayunman, lumabas na may makabuluhang pagkakaiba sa mga hamon sa pagsusulat ng sanaysay batay sa antas ng pamumuhay ng mga mag-aaral ($\chi^2 = 11.1$, $p = 0.011$). Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral mula sa iba’t ibang antas ng pamumuhay ay nakararanas ng magkaibang antas ng hamon sa pagsusulat sa Ingles.

## VIII. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod ay mga minumungkahi ng mga mananaliksik:

1. Na ang Punong-guro at mga administrador ng paaralan ay hikayating magsagawa ng tuloy-tuloy at masinsinang seminar-workshop o pagsasanay na magpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng sanaysay, at magsagawa ng tuloy-tuloy na pagmamatyag at pana-panahong pagtatasa sa pag-unlad ng mga mag-aaral.
2. Na ang mga guro sa Ingles ay dapat bigyang-priyoridad ang paggamit ng "differentiated learning approach" sa pagsusulat upang makapagbigay ng iba't ibang gawain sa pagsusulat na tunay na makae-engganyo sa mga mag-aaral na may mababang antas ng pamumuhay, maging sa loob o labas ng silid-aralan.
3. Na ang mga susunod na mananaliksik ay maaaring tularan ang pananaliksik na ito subalit isaalang-alang ang mas malawak na saklaw at mas malaking populasyon upang higit na mapagtibay ang mga natuklasan ng pag-aaral at matukoy ang hangganan ng paglalapat ng mga resulta nito.

## SANGGUNIAN


[1] W. Agustin, A. Y. Wahyudin, and S. Isnaini, *"Language Learning Strategies and Academic Achievement of English Department Students,"* Journal of Arts and Education, vol. 1, no. 1, 2021. https://pdfs.semanticscholar.org/8698/ced1dba523dad310d6a8d225b31353dfc52b.pdf

[2] N. A. Alaga, *"Motivation and Attitude of Students towards Learning English Language,"* International Conference on Research in Social Sciences, Humanities and Education, 2016.

[3] S. Ali, A. Aziz, M. A. Kaloi, and N. Zahra, *"Challenges Associated with Learning English as a Second Language in Secondary Education,"* Jahan-e-Tahqeeq, vol. 7, no. 3, 2024. https://jahan-e-tahqeeq.com/index.php/jahan-e-tahqeeq/article/view/1640

[4] H. Altunkaya and B. Ayranci, *"The use of Edmodo in academic writing education,"* Journal of Language and Linguistic Studies, vol. 16, no. 1, pp. 89–103, 2020. https://doi.org/10.17263/JLLS.712659

[5] K. Asshofiah, *"English as a Medium of Instruction in Non-English Subjects: Exploring the Students' Language Proficiency,"* Allure Journal, vol. 5, pp. 78–87, 2025. https://doi.org/10.26877/allure.v5i1.21149

[6] M. L. S. Bautista, *"Language and the nation: The linguistic politics of the Philippines,"* 2015. https://doi.org/10.1111/j.1467-9841.2015.003373.x

[7] R. O. Cabudbod, N. C. Osias, and J. D. Como, *"Predictors of Writing Skills and Learners' Writing Proficiency in Salay District, Division of Misamis Oriental,"* 2024. https://www.researchgate.net/publication/383006556

[8] M. N. Castro, A. K. Codiñera, and E. Toquero, *"English Varieties: A Case Study on the Exploration of Filipino Students' Perceptions,"* International Journal of English Language Studies, vol. 5, pp. 12–20, 2023. https://doi.org/10.32996/ijels.2023.5.2.3

[9] J. Dauba, *"Relationship Between Language Learning Anxiety and Students' Academic Performance in English,"* vol. 6, 2024. https://www.researchgate.net/publication/383804737

[10] M. H. Dimaano and N. T. Thu Hương, *"Performance and difficulties in English language macro-skills by freshman students in selected colleges in Bacgiang City, Vietnam,"* Journal of English Language and Literature, vol. 11, no. 3, 2019. https://techmindresearch.org/index.php/jell/article/view/416

[11] C. Edelsky, *"Composing in English: Effects of a first language on writing in English as a second language,"* 1982. https://www.academia.edu/3138613

[12] R. Enyikwola, N. O. Daniel, and O. Eche, *"Influence of Family Socioeconomic Status on the Academic Performance of Students in Soba Local Government Area of Kaduna State,"* vol. 3, 2021.

[13] G. Fontanilla, *"English language learning motivation and self-identity changes of Filipino English majors in Philippine universities,"* Asian Journal of English Language Studies, 2016. https://ajels.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2018/09/1-English-language-learning-motivation.pdf

[14] K. F. Ferraro and T. P. Shippee, *"Aging and Cumulative Inequality: How Does Inequality Get Under the Skin?"* 2009. https://doi.org/10.1093/geront/gnp034

[15] S. J. B. Gabuyo, *"Paglalakbay ng Kuwento: Karanasan sa Pagsasanay ng Akademikong Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Senior High School,"* 2025. https://doi.org/10.5281/zenodo

[16] M. J. Gaerlan, *"Learning in L2: An analysis of less successful Filipino ESL learners' experiences through Consensual Qualitative Research,"* 2016. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/dlsu-research-congress-proceedings/2016/LLI/LLI-II-01.pdf

[17] A. B. Gonzalez, *"The paradox of English in the Philippines: Bilingualism and cultural alienation,"* Philippine Studies, vol. 68, no. 4, pp. 563–585, 2020. https://doi.org/10.1353/phs.2020.0039

[18] K. Hyland and F. Jiang, *"Is academic writing becoming more informal?"* English for Specific Purposes, vol. 45, pp. 40–51, 2017. https://doi.org/10.1016/j.esp.2016.09.001
[19] G. H. Khajavy, P. D. MacIntyre, and J. Hariri, *"A closer look at grit and language mindset as predictors of foreign language achievement,"* Studies in Second Language Acquisition, 2020. https://doi.org/10.1017/S0272263120000480
[20] J. Leander and F. Fabella, *"Parental Involvement and Academic Performances of Grade 7 Students,"* SSRN Electronic Journal, 2020. https://doi.org/10.2139/ssrn.3630178
[21] M. H. Mohammed, *"Challenges of Learning English as a Foreign Language by Non-Native Learners,"* International Journal of Social Science and Economic Research, vol. 3, no. 4, 2018. https://www.ijsser.org/2018files/ijsser_03__97.pdf
[22] K. Morgan, *"Problems that Students Encounter with Essay Writing,"* 2018. https://google.con/rYsUWq
[23] National Association of Colleges and Employers, Are They Really Ready to Work?, 2011. https://www.parkerdewey.com/blog/nace-competencies
[24] B. A. A. Niroshani, *"The Influence of First Language on English as a Second Language Writing of Undergraduates in a South Asian University,"* 2021. https://www.dpublication.com/wp-content/uploads/2021/11/02-766.pdf
[25] O. Mallahi, *"Exploring the status of argumentative essay writing strategies and problems of Iranian EFL learners,"* 2021. https://sfleducation.springeropen.com/articles/10.1186/s40862-023-00241-1
[26] M. Öztürk and U. Çakıroğlu, *"Flipped learning design in EFL classrooms: implementing self-regulated learning strategies to develop language skills,"* Smart Learning Environments, vol. 8, no. 1, 2021. https://doi.org/10.1186/s40561-021-00146-x
[27] M. B. Paguirigan, *"An Anatomy of the Dilemmas of Grade 7 Students in Second Language Speaking and Students' Academic Performance in English,"* 2015. https://www.academia.edu/download/65803484
[28] J. Perido and J. Daulong, *"Learners' Learning Difficulties,"* GEO Academic Journal, vol. 5, 2024. https://doi.org/10.56738/issn29603986.geo2024.5.84
[29] F. Rahman, *"English as a Second Language (ESL) and the Academic Performance of the Students towards English Proficiency Program,"* International Multidisciplinary Research Journal, 2024. https://doi.org/10.54476/ioer-imrj/867062
[30] A. Saavedra and F. Karanain (2022). "*Learners' beliefs and use of chavacano as medium of instruction*." Journal of Language and Linguistics 10 (1), 40-46
[31] A. Saavedra, E. Banua, R. Ajibon, F. Aukasa, S. Muhajil, H. Najam (2022.) "*Evaluating Teachers' Teaching Performance: As Basis for Mentoring and Technical Support*". Neuro Quantology, 20 (13), 896-904
[32] A. D. Saavedra (2020)." *Gender and Socio-economic Status: Revisiting its role on the English language Learning Motivation among Secondary Language-Specialized Students*". Turkish Journal of Computer and Mathematics Education, 2343-2357
[33] A. Saavedra (2016). "*Varied Strategies In Improving The Linguistic Competence Of Selected Elementary Teachers: An Action Research"*. Elementary Education Online 15 (Issue 2), pp. 723-727
[34] O. Sandal, A. Saavedra, C. Madrazo, M.S.Y Ramos (2022). "*Gender and Socio-economic Status: Revisiting its role on the English language Learning Motivation among Secondary Language-Specialized Students*". Journal of Positive School Psychology 6 (04), 2689 – 2704
[35] A. Santos, V. Fernandez, and R. Ilustre, *"English Language Proficiency in the Philippines: An Overview,"* International Journal of English Language Studies, vol. 4, pp. 46–51, 2022.
[36] I. Sari, *"Kesulitan Mahasiswa dalam Pembelajaran Bahasa Inggris,"* Jurnal Manajemen Tools, vol. 11, no. 1, pp. 81–98, 2019.
[37] J. Sampson, *"An Introduction to Cognitive Information Processing Theory, Research, and Practice,"* 2020. https://research.com/education/what-is-information-processing-theory
[38] A. Setiawan and D. Mulyadi, *"The Portfolio Assessment to Teach Writing of Opinion Essay,"* Language Circle: Journal of Language and Literature, vol. 15, no. 2, 2021.
[39] W. Zhou, *"Enhancing English Writing Proficiency in China's Polytechnic Students: An In-Depth Literature Review on the Application of the Input Hypothesis,"* 2023. https://arxiv.org/pdf/2311.02341
[40] B. Werang, A. Agung, S. Sri, S. R. Leba, and E. Jim, *"Parental socioeconomic status, school physical facilities availability, and students' academic performance,"* Edelweiss Applied Science and Technology, 2024.
[41] M. D. Zuhri, D. R. Anjarani, R. Hartono, I. Yuliasri, and Puji, *"The Relationship Between Listening Proficiency and Speaking Improvement in University,"* 2023. https://proceeding.unnes.ac.id/ISET/article/view/2470
[42] P. Zhu and X. Sun, *"A Mixed-methods Approach to Investigating Chinese English Majors' Writing Self-Efficacy, Writing Self-Regulated Learning Strategies, and Writing Proficiency,"* 2024. https://www.researchgate.net/publication/385585873

[43] W. Zhou, *"Enhancing English Writing Proficiency in China's* Polytechnic Students: An In-Depth *Literature Review on the Application of the Input Hypothesis,"* 2023.